Tagalog | Tagalog

NYC Mayor's Office of Immigrant Affairs

# MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA TAGA-NEW YORK NA IMIGRANTE

## ANUMAN ANG IYONG KATAYUAN SA IMIGRASYON, NARITO ANG LUNGSOD NG NEW YORK PARA TUMULONG.

### Legal na Tulong ng Imigrasyon

**Para sa libre at ligtas na legal na tulong sa imigrasyon, tumawag sa 800-354-0365**, mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 6PM.

### Kard ng Pagkakakilanlan ng NYC

**Mag-aplay para sa IDNYC**, ang libreng kard ng pagkakakilanlan ng munisipalidad para sa lahat ng residente ng NYC na 10 taong gulang pataas. Mag-renew online o gumawa ng appointment para magpatala, **tumawag sa 311** o bisitahin ang **nyc.gov/idnyc**

### Mga Klase sa Ingles

Kumuha ng mga **libreng Ingles** na klase anumang oras, kahit saan. Bisitahin ang **wespeaknyc.cityofnewyork.us** para sa higit na impormasyon.

### Pangangalaga sa Kalusugan

**Ang NYC Health + Hospitals (H+H)** ay makakapagbigay ng emergency na pangangalaga, pangunahing pangangalaga sa kalusugan, mga check-up, pagbabakuna, at marami pang iba. **Tumawag sa 1-844-NYC-4NYC (1-844-692-4692) para maidirekta sa sentro na pinakamalapit sa iyo.** Para magpatala sa mga plano sa insurance sa kalusugan, kabilang ang **NYC Care** na programa tumawag sa, **646-NYC-CARE (646-692-2273)** o bisitahin ang **nyccare.nyc**

### Kalusugan ng Isip

Para sa kumpidensyal na suporta at mga koneksyon sa mapagkukunan para sa pangangalaga sa kalusugan ng isip at paggamit ng substance, tumawag sa **888-692-9355 o 988**, o mag-text ng **WELL sa 65173.** Puwedeng bisitahin ng mga taga-New York ang **nyc.gov/mentalhealthaccess** para sa iba't ibang wika ng mapagkukunan para sa serbisyo sa kalusugan sa NYC, o gamitin ang 988 online na direktoryo ng NYC sa **nyc.gov/mentalhealthservices** para makahanap ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip.

### Mga Emergency

**Kung may emergency, tumawag sa 911.** Ang emergency ay anumang sitwasyon na nangangailangan ng agarang tulong ng pulisya, departamento ng bumbero, o ambulansya. **Ayon sa batas, hindi maaaring magtanong ang Departamento ng Pulisya ng Lungsod ng New York (New York City Police Department) tungkol sa katayuan ng imigrasyon ng mga biktima ng krimen, saksi, o iba pang tao na humihingi ng tulong.**

### Pampublikong Edukasyon

**Lahat ng bata sa NYC na 4 hanggang 21 taong gulang ay maaaring pumasok sa pampublikong paaralan.** Para magpatala, bisitahin ang **schools.nyc.gov/fwc** o **tumawag sa 311.**

### Pangkalahatang Mapagkukunan at Impormasyon ng Lungsod

Kailangang ma-access ang mga mapagkukunan ng lungsod o nais mag-report ng problema? Tumawag sa **311** o bisitahin ang **portal.311.nyc.gov**

### Hotline ng mga Isyu ng Imigrante ng NYC

**Tumawag sa aming hotline sa 212-788-7654** mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 5PM, o mag-email sa amin sa **askmoia@cityhall.nyc.gov**

Tagalog | Tagalog

**NYC Mayor's Office of Immigrant Affairs**

# MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA TAGA-NEW YORK NA IMIGRANTE

## ANUMAN ANG IYONG KATAYUAN SA IMIGRASYON, MAY MGA KARAPATAN KA.

### Iwasan ang Panloloko sa Imigrasyon

Kung kailangan mo ng legal na payo sa imigrasyon, makipag-usap lamang sa lisensyadong abugado o sa kinatawan na akreditado ng Kagawaran ng Hustisya (Department of Justice, DOJ). Mahahanap mo ang listahan ng mga akreditado at kinikilalang provider sa **nyc.gov/immigrationfraud**

### Mga Karapatan sa Pagpapatupad ng Imigrasyon

Ang NYC ay hindi nagsasagawa ng pagpapatupad ng imigrasyon. Kung nilapitan ka ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon, may mga karapatan ka. Bisitahin ang **nyc.gov/knowyourrights** o tumawag sa aming libreng hotline sa legal na imigrasyon sa **800-354-0365**

### Mga Karapatan ng Manggagawa

May karapatan ka para sa bayad na bakasyon dahil sa sakit, minimum na suweldo, bayad sa overtime at marami pang iba sa ilalim ng batas ng Lungsod ng New York. Bisitahin ang **nyc.gov/workers** para sa mga mapagkukunan o tumawag sa **212-436-0380**

### I-report ang Diskriminasyon

Ang pambabastos at diskriminasyon ay ilegal sa ilalim ng Batas sa mga Karapatang Pantao ng NYC. Para mag-report ng diskriminasyon, tumawag sa **212-416-0197** o bisitahin ang **nyc.gov/reportdiscrimination**

### Proteksyon sa Karahasan sa Bahay

Narito ang NYC para tulungan ka kung nakakaranas ka ng pang-aabuso. Puwede mong bisitahin ang **nyc.gov/nychope** o tumawag sa Hotline ng Karahasan sa Bahay ng NYC sa **800-621-HOPE**

### Mga Karapatan ng Nangungupahan

Kailangan ng tulong sa anumang isyu tungkol sa pagpapaalis o sa may-ari? Bisitahin ang **nyc.gov/tenantprotection** o tumawag sa **311** at sabihin ang **"tenant helpline" (helpline ng nangungupahan)** para sa libreng legal na tulong

### Karapatan sa Paninirahan

May karapatan kang humiling ng matitirhan kung ikaw ay walang tirahan. Para ma-access ang mga serbisyo sa tirahan, bisitahin ang itinalagang intake center ng Departamento ng mga Serbisyo sa mga Walang Tirahan (Department of Homeless Services, DHS). Para alamin pa, tumawag sa **311**

### Proteksyon ng Mamimili

May problema ba sa isang negosyo? May karapatan ka bilang mamimili. Para maghain ng reklamo, bisitahin ang **nyc.gov/consumers** o tumawag sa **311**